# Ligaya ang Utopya Natin[1]

Rhoderick V. Nuncio



This is a linguistic exploration of word/praxis/theory of "ligaya." Ligaya or happiness can be examined through psychological, sociological, and philosophical perspectives. In this paper, the author interrogates it using the philosophical lens of introspection. Meanwhile, utopia is the most ideal of all states of being and becoming. In this paper, the word concept "ligaya" is theorized at three levels--lexical, discursive, and intertextual. This initial attempt to theorize locates ligaya in its utopian tendencies as the paper tries to postulate the importance of personal narratives, experiences, and ethical and transcendental reflections in order to ground the premise--ligaya ang utopya natin (happiness is our utopia).

**Keywords:** *ligaya, utopia, lexical, discourse, and theorizing*

**Pinanggagalingan, bisa at pakinabang**

Personal at makaFilipino ang pag-aaral na ito. Iyang tatlong qualifier na nabanggit ang gabay ko sa pagsulat ng iskolarling papel na ito. Personal dahil uusisain ko ang problematikong diwa at dalumat ng ligaya mula sa puntodebista ng aking pananaw at karanasan. MakaFilipino dahil magmumungkahi ako ng isang pamamaraan na magagamit nating mga iskolar sa Araling Filipino kung paano natin tutukuyin, tatasahin at dadalumatin ang mga paksang Filipino. Ikatlo, isa itong pag-aaral mula sa pook na aking tinitindigan—sa akademya, sa unibersidad, sa komunidad ng mga palaisip.

Napakalaking trabaho ang maging palaisip sa Filipino dahil hanapbuhay ito at habambuhay itong paninindigan. Hanapbuhay ito dahil ito naman ang ginagawa ng mga gurong mananaliksik sa unibersidad. Kailangang mag-isip nang orihinal. Kailangang maglimbag. Kailangang maging produktibo sa publikasyon. Hindi sapat ang isa. Hindi sapat na tapos na ang disertasyon. Hindi sapat na nagtuturo lamang tayo. Kailangang magsulat at lumikha ng bagong kaalaman. Kahit hanapbuhay ito, wala namang sapat na kompensasyon sa likha ng isip. Hindi sasapat ang lahat. Ngunit bilang iskolar o palaisip, mas nananaig ang kasiyahan na mabasa sila o magamit ng iba pang mananaliksik ang ideya nila kaysa tumbusan ng salapi ang tunay na halaga ng seryosong iskolarsyip.

Sa konteksto naman ng guro sa Filipino at mananaliksik/manunulat sa Filipino, habambuhay itong paninindigan. Walang ibang gagawa nito kundi tayo. Kailangang higit na maintelektuwalisa ang wikang Filipino at kailangang marami tayo at nagsasanga-sanga ang ating mga landas at daan. Tapos na dapat ang debate sa popularisasyon vs istandardisasyon ng wikang Filipino. Kailangang sumulong nang husto ang intelektuwalisasyon nito sa isa pang paraan. Kailangang gamitin ang wikang Filipino sa mataas na antas ng pag-iisip katulad nang ginawa nina Ferriols, Timbreza, Quito, Mabaquiao sa pilosopiya; Enriquez, Pe-Pua, Javier sa sikolohiya; Salazar, Ubaldo, Hernandez sa kasaysayan; Erasga sa sosyolohiya; De Mesa sa teolohiya; Covar sa antropolohiya; at Tullao sa ekonomiks. Mangyayari lamang ito kung mag-iisip tayo sa Filipino. Maisasagawa natin ito kung lilikha tayo ng mga teorya o dalumat na mula sa sarili nating wika, danas, pananaw at imahinasyon. Mahirap ito sa ilan pero kung kakayanin at gagabayan natin ang bawat isa, magiging mabulas ang wika natin para sa ganitong tunguhing gawing intelektuwalisado ang wikang Filipino.

[1] May alusyon ang titulo sa pelikula ni Reyna, *Ligaya ang Itawag mo sa Akin*.

## Dalawang hangarin

Tayong mga tao, dalawa ang hangad sa buhay. Simula sa pagkamulat natin noong tayo'y mga bata pa hanggang sa magkahanapbuhay o kung hindi ma'y nagkagulang sa edad na 30 pataas, gusto nating maging mayaman. Kay Aristotle sa kanyang *Nicomachean Ethics* binaggit niya na ang pagkakaroon ng kayamanan ay ***isa*** sa mga paraan upang ***sumaya*** ang tao. Ito ang pangarap natin. Nakakakain ng masarap. Magara ang mga damit. Mabango. Maganda. Guwapo. Maraming borloloy sa katawan. Tatlo o apat ang gadget. May kotse. May bahay. Maganda ang takbo ng career. Maraming pera. Pagtuntong natin ng edad 40 o minsan para sa iba'y mas maaga pa, hangad nating maging masaya. At kapag nagkamalay tayo sa talagang gusto natin sa ating buhay, hindi lamang pagiging masaya ang nais natin. Gusto nating lumigaya. Magkaiba ang pagiging masaya at pagiging maligaya.




Likas o natural sa tao ang maghangad ng kayamanan o ng ari-arian at ginhawa sa buhay. Iyan ang nagpapasaya sa mga tao. Ang konsepto ng saya ay nakatuon sa materyal na bagay, sa ginhawa o sa maalwan na buhay. Kung ihahambing natin ang mga hangarin ng tao ayon kay Maslow (98-99) sa ilustrasyon (Lar. 1) sa ibaba nais kong idulog ang kahulugan ng mayaman, masaya at maligaya.

Ang tinutukoy kong mayaman ay *aspirational wealth* (hangaring yumaman) at mayaman sa materyal na bagay. Ang mayaman dito'y isang aspirasyon at kalagayan ng damdamin, isip at katawan. Kung tatlo 'yan—mayaman, masaya, maligaya—bakit dalawang hangarin lang? Sapagkat napagkakamalang masaya ang maligaya at masaya. Maaari kasing masaya ang mayaman at ang mayaman ay masaya. Maaaring malungkot din. Subalit hindi pangangailangan ang mayaman para lumigaya.

Kung gagamiting batayan ang hirarkiya ni Maslow, nasa ibabang bahagi ito ng kanyang piramide hanggang sa ikatlo't ikaapat na antas (relasyon, reputasyon). Ang ispektrum ng saya tungong ligaya, sa aking palagay, ay nakasapaw sa isa't isa. Sa rurok ng piramide, nandoon ang abstraksyon ng ligaya. Ito ang kaligayahan na hindi naghahangad ng yaman o maski anomang sobra. Iyong kaligayahan na panatag ang kalooban. Kaligayahang kahit malungkot ka o kahit nagdurusa, nagagawa mo pa ring lagpasan ang mga iyon. Hindi totoong hindi na malungkot ang taong maligaya. Kadalasan sobrang lungkot niya. Ang taong maligaya, kilala ang lungkot. Hindi niya ito itinatatwa. Ang taong maligaya, hindi talaga magiging masaya. Hindi tanging tawa o ngiti ang mababakas sa kanya. Ang taong maligaya, mulat lang talaga.

Lar. 1.
Ang maalwan, masaya, maligaya sa piramide ni Maslow



**Pamamaraan sa paggalugad ng sagot**

Isa itong personal na proyekto at pagtatangka. Marami na ang sumubok at ang iba'y natuklasan ang kanilang kaligayahan. Naniniwala ako sa kanilang natuklasan. Subalit iba-iba ang konteksto natin bawat indibidwal. Ibang-iba rin ang kalagayan noon sa ngayon. Nauna nang sinabi ni Aristotle na ang kaligayahan ang *summum bonum*—wikang Latin na ang ibig sabihin ay pinakarurok na kabutihan. Dito nakaumang ang ating hangarin at tunguhin habang nabubuhay. Kaugnay niyan ang sinabi ni Socrates, isang pilosopong Griyego tulad ni Aristotle, na kailangang suriin ang sarili upang magkaroon ito ng saysay. Kaya nga ang unang hakbang ko sa proyektong ito'y pagsusuri ng mga pangyayari sa aking buhay.



Sabi ni Heidegger, isang pilosopong Aleman, tayo raw ay patapon at inabandona sa mundong ito. Kailangan nating buuin ang hungkag nating pag-iral. Kailangang lagyan ng saysay at kulay. At ang manipestasyon niyan ay makikita sa mga pangyayaring dumaan sa ating kapalaran. Dalawa ang implikasyon niyan—wala tayong babalikan at wala tayong sasandigan. Ibig sabihin, mag-isa tayong guguhit ng ating itinakdang silbi sa mundong ito.

***Pagdalumat***

Pagdalumat-salita ang tawag ko sa proseso ng pag-iisip at pag-urirat sa mga kahulugang lantay o ipinapahiwatig ng isang salita (167). Hindi lahat ng salita'y dinadalumat. Madalas ginagamit lamang natin ang mga ito para makabuo ng matino't makahulugang pahayag o ekspresyon para makipag-usap. Tatlo ang lebel ng pagdalumat ng salita—leksikal, simbolikal at diskursibo.

**Leksikal**

Sa leksikal na lebel inaalam ang kahulugan batay sa kahulugan nito sa diksyonaryo. Tulad ng salitang ligaya, ganito ang mga kahulugan mula sa Diksyonaryo-Tesauro ni Jose Villa Panganiban:

> **LIGAYA,** kaligayahan n. Kpm, Tg. Happiness, felicity. Syn. saya, galak, lugod, tuwa, luwalhati, glorya, pelisidad; cf. talik, tamasa -- Bk. ugma; Kpm. kaligayan; Hlg. kasadya (cf. Tg. sadya); Hlg. Sb. SL. kalipayan; Ind. kebahagiaan; Mal. Kesukaan.

Mapapansin na *happiness* ang katumbas sa English. Subalit nabanggit ko na kanina na hindi ito ang magiging salin ko.

Sa **leksikal** maaari pang pag-ibayuhin ang mga kahulugan ng salita: una, sa pamamagitan ng morpolohiya nito o isktruktura ng pagbuo ng salita ayon sa pagtukoy sa salitang ugat at mga panlapi. Sa salitang ligaya, taal na salita na ito, ibig sabihin wala pang panlapi. Ito mismo ang salitang ugat. Ang kaligayahan ay binubuo ng ka (unlapi) at han (hulapi).

Ang sunod na proseso ay interlingguwal na analisis. Ito ang bisa ng tesauro. Kaya napakahalaga ng ginawang obrang diksyonaryo-tesauro ni Panganiban dahil ito ang nagsisilbing awtoridad ko sa pagdalumat-salita. Ang tesauro niya ay mga katumbas na salita sa iba't ibang wika sa Pilipinas kasama ang Bahasa Indonesia at Bahasa Malay.

Sa tesauro ni Panganiban mababasa ang ganitong mga katumbas ng ligaya:

*Bikol – ugma*
*Kapampangan – kaligayan*
*Hiligaynon – kasadya*
*Cebuano – kalipayan*

*Indonesia – kebahagiaan*
*Malay – Kesukaan*



Ang kasunod na proseso ay intralingguwal na analisis. Tawag ko rin dito'y paglalarong salita. Mismo sa salita, ano-anong makukuhang iba pang salita ayon sa mga titik, panlapi at mga kombinasyon nito. Ligaya: liga, gaya, igaya, iga, aya. Pagkatapos nito'y hanapin din ang kahulugan ng mga salitang nahugot mula sa ligaya mula sa Diksyonaryo-Tesauro ni Panganiban.

*Liga – n. samahan, kapisanan, kalipunan, katipunan, koalisyon, alyansa, kompederasyon Gaya – n. imitasyon, tulad, para, paris, gagad; cf. kamukha, kaisa*
*Igaya – n. lugod, tuwa, kasiyahan, kasiyahang-loob; katiwasayan, kapanatagan, katahimikan, kapayapaan*
*Iga – adj. singaw, tuyo, ebaporado*
*Aya – n. yaya, ama, tagapag-alaga; kaaya-aya; adj. kaaya-aya*

Samakatuwid, napakayaman ng leksikal na kahulugan ng ligaya. Halos lahat ng mga salita'y kung susundin ang interlingual at intralingual na analisis ay napakayaman sa kahulugan. Ang mayamang batis na ito ang pinakapundasyon sa pagdalumat-salita.

Mula sa leksikal, ipapaliwanag natin ang **meta-leksikal** na kahulugan ng salita sa pamamagitan ng mabubuong ugnayan ng iba pang mga kahulugan mula sa **interlingguwal** at **intralingguwal** nitong kayarian. Pag-uusapin natin ang mga kahulugan upang makabuo ng isang dalumat ng ligaya. Tatalakayin ko ito sa ikatlong kabanata tungkol sa ligaya.

**Simbolikal**

Sa bahaging ito ng pagkakahulugan, iuugnay ang salita sa imahe, simbolo, larawan at iba pang teksto. Ang iba pang teksto'y maaaring tunog at iba pang sensasyon natin tulad ng panlasa, pang amoy at pandama. Napakalawak ng simbolikal na kahulugan ng salita. Saan tayo kumukuha ng simbolo bilang kahulugan ng salita?

Ang simbolo ay pawaksi at pamalit na pagpapakahulugan sa isang konsepto. Tandaan natin na ang konsepto o ideyang ito'y mga salita na nasa isip natin. Kapag halimbawa nag-iisip tayo ng maganda, hindi ang salita ang lumalabas sa isip natin kundi imahe. Ang imaheng ito ang kawaksing katumbas ng salita/konsepto/ideyang iniisip natin. Ngayon, kapag naghahanap tayo ng simbolo para maging ganap na representasyon ng ideya na nasa isip natin, mga tiyak na larawan o imahe ang ginagawa nating pamalit para rito. Walang direktang koneksyon ang simbolo at ideya. Arbitraryo itong nililikha batay sa nakasanayan, natutuhan o ipinilit sa atin alinsunod na din kay De Saussure batay sa kanyang paliwanag ng signipikasyon o ugnayan ng *signified* at *signifier*. Ang *signifier* ay ang *sign* na binibigyang kahulugan—maaari itong simbolo, teksto at koda. Ang *signified* naman ang kahulugan. Halimbawa, kung ang *signifier* ay puso, ang *signified* nito'y pag-ibig. Ang mga nakasanayan ay bunga ng ating kultura at tradisyon. Ang larawang tumatawa ay simbolo ng saya at ito'y unibersal sa iba't ibang kultura. Ang puting bandila ay simbolo ng kapayapaan. Ang pulang ilaw sa traffic light ay nangangahulugang paghinto ng sasakyan o pedestrian. Lahat ito'y kombinasyon ng simbolo at ideya.

Balikan natin ang ligaya? Ano-ano ang simbolikal na representasyon ang maaari nating ikabit dito? Sasapat ba ang isang taong nakangiti, magara ang suot, maamo ang mukha, nakasuot ng puti, nakaluklok sa pinakatuktok ng gusali? Nakikita n'yo ba ang imaheng nabanggit? Pinakamadaling gawan ng representasyon ang saya subalit ang ligaya'y hindi maipinta basta-basta.

**<u>Diskursibo</u>**

Ang pinakamahaba, pinakamabusisi at pinakamalawak na pagdalumat ay nasa diskursibong lebel nito. Hindi inosente ang mga salita. Sa isang salita, maaaring mahati ang mundo. Sa isang salita, maaaring magkagulo. Sa isang salita, maaaring malipol tayong lahat. Ang salita ay makapangyarihan. Ngunit higit na makapangyarihan ang wika. Ang salita bilang dalumat ay isang wika. Ito ang saysay ng diskurso. Sa paanong paraan nagiging diskursibo ang mga salita? Kapag ito'y nangungusap. Kapag ito'y punumpuno ng pangungusap. Kapag ang katuturan nito'y napapaikli sa isang pangungusap.

Ibig sabihin ng nangungusap ay lumilikha ito ng mahahabang talastasan, pagsusuri, analisis, debate, tunggalian, kongklusyon at resolusyon. Ang isang pilosopo kayang sumulat ng isang aklat o bolyum ng mga aklat na umiikot lamang sa isang paksa, sa isang salita. Halimbawa nito'y ang salitang katarungan o justice? Nariyan sina Confucius, Plato, John Locke, Thomas Hobbes, John Rawls, John Stuart Mill, Adam Smith at marami pang iba. Sumulat sila ng mahahabang sanaysay, *treatise* at aklat para pagtuunan lang ng pansin ang isang salita. Ganyan din ang naisulat na tungkol sa kabutihan, kalikasan, pag-ibig, kasamaan, kapayapaan, kaligayahan at marami pang iba.

Punumpuno ng pangungusap. Mga argumento ito, paliwanag, ilustrasyon, halimbawa, salaysay, kuwento, ekpresyon, hinuha na nakabalangkas sa talata, sa kabanata, sa isang buong aklat. Napakahirap gawin nito—ang pagsulat ng isang diskurso na consistent, lumalago, tumitibay, organisado at may saysay o pakinabang sa mambabasa at madla. Isang diskurso ng ligaya ang proyektong ito. Ito ang bubunuiin kong isakatuparan upang mahabi ang leksikal, simbolikal at diskursibong kahulugan ng ligaya sa ating kamalayan, karanasan at buhay. Lahat-lahat ang katuturan ng ligaya na sa aking palagay ay maaaring isulat nang maikli. Mula sa mapalabok na pananalita, sa isang pangungusap nais ko lang namang sabihin na *ligaya ang utopya natin*.

**Utopya**

Paano nating dadalumatin ang salitang utopya? Balikan natin ang kahulugan ng utopya batay sa *Merriam-Webster*—"no place"; ideyal na estado, konsepto, hangarin; suntok sa buwan at di makatotohanang bisyon o pangarap. Pero paano natin ito dadalumatin kasabay nang pag-angkin na ligaya ang utopya natin?

Magsisimula ang pag-aaral sa pagtukoy sa kongkretong basehan ng kamalayang utopyan bilang diskurso at penomenon. Unang tutukuyin ang paglitaw ng ganitong diskurso sa *The Republic* ni Plato at sa *utopya* ni Thomas More. Narito sa dalawang obra maestra na ito ang *dialogical* at *dialectical* na talastasan ng mga tauhan at gayundin ang diskursong nabuo sa pagitan nina Socrates at Glaucon kay Plato at nina Hytholoday at More kay Thomas More. Mula rito, palalalimin ang pagsusuri gamit ang pagninilay-nilay na *Ricoeurian* hinggil sa *object* (utopya) gamit ang metodikong "pag-unawa" at "pagpapaliwanag" nito na naka-ugat sa *subject* (tao, danas, kamalayan). Ito ang tinutukoy ko na metodong introspeksyon. Kasunod nito ang paglalatag ng apat na kategorya ng kamalayang utopyan: bisyon, pangako, pag asa at kritika sang-ayon sa pagdadalumat na gagawin ko.


Ang bisyon ang tumatahing idealisasyon ng tunghuhin na kadalasang naka-*project* sa hinaharap na nakasahog sa diskurso ng perpeksyon at abstraksyon. Ito ang hinaharayang wala pa sa kasalukuyan—ideyal na lipunan, kaginhawaan, kawastuhan, kagandahan, komunismo, globalisasyon, pagkapantay-pantay sa kasarian, kapayaan, kaunlaran at marami pang iba. Pinagtitibay ang bisyon ng pangako. Ang pangako'y siyang hinihintay na utopya para sa kabuuan o kaganapan ng bisyon na nakaakda sa wika o diskurso ng pingas-na-katotohanan, pingas-na-katiyakan at pingas-na-posibilidad. Kapag pinagsama ang bisyon at pangako'y nauuwi ito sa "pagiging-kaisa-sa-iba sa pagdanas" o isang existensyal na danas sa

limitasyon ng buhay at tunguhin nito. Ito ang "hiling na pagmumuni" ng tao. Nabubuhay tayo sa hiling na sana'y ganito at ganoon ang mga bagay-bagay. Dahil sa tensyong ito, nagiging hantungan natin ang pag-asa upang isulong muli natin ang ating hiling at tunguhin. Subalit nagiging kabiguan muli ang lahat dahil sa kabalintunaan ng ating pag-iral, absurdong pamumuhay at kahinaan ng tao. Samakatuwid, imbis na realisasyon ng utopyan, sa kabiguan nauuwi ang lahat, kung kaya'y distopyan (*dystopian*).



Tatagos ang diskurso't danas na ito sa "pag-aako-kaisa-ng-iba-sa-kawalan" at dito pumapasok ang kritikal na pagmumuni-muni. Mas mainam na makita ang ilustrasyon sa ibaba kung paano tatakbo ang dalumat ng utopya:

Lar. 2.
Dalumat ng Utopya




## Pagtuklas

Ilapat natin ang ligaya sa mga kategoryang nabuo sa taas. Tulad ng anumang bisyon ang ligaya ay isang idealisasyon at projeksyon sa hinaharap. Mangyayari pa lang. Samakatuwid, utopyan. Bilang idealisasyon may perpeksyon sa ligaya. Kapag sinabing ideyal, kabaligtaran ito ng *real* o realidad. Maipapaliwanag natin ito sa anolohiya ni Plato. Sinasabi niyang may dalawang uri ng mundo—ang mundo ng materyal (itong mundo natin) at ang mundo ng *eidos* (ispiritual o ideyal na mundo). Sa mundo ng eidos may perpeksyon ang konsepto ng hustisya, kagandahan, kapayaan, kaligayahan at marami pang iba. Sa mundong materyal, hindi perpekto ang mga ito dahil nabahaginan lamang o ito'y isang kopya o repleksyon lamang ng totoo sa *eidos*. Ang ating isip ang may akses sa mundo ng eidos. Sa

pamamagitan ng pilosopiya o replektibong pagninilay-nilay, maaarok natin ang ideyal, ang perpekto, ang totoo. Subalit paano natin maaarok?

Gumagamit tayo ng mga kategorya upang pag-usapin sa isip natin ang iba't ibang konsepto. May ugnayan ang mga konsepto o di kaya'y salungatan kapag nilirip natin ang mga ito sa pamamagitan ng masinop, analitikal at kritikal na pag-iisip. Ito ang ginagawa ko ngayon—ang maglatag ng mga kategorya upang ang ligaya at utopya ay maging iisa o di kaya'y magkatiwalag sa isa't isa. Ito ang unang pagtuklas na gagawin ko. Ano-ano ang mga kategorya ng dalumat ng ligaya at utopya?



Ipagpatuloy natin. Ang ligaya ay isang ideyal na konsepto, kaya't idealisasyon ang proseso ng paglirip sa kabuuan o kayarian nito sa ating isip. Kasunod nito ang danas—kung nararanasan ba nating maging maligaya. Upang makamit ang perpeksyon, maglalatag tayo ng mga kategorya para dalumatin ang ligaya. Alalahanin na ang perpekto dito'y aproksimasyon lamang at probisyonal. Ito pa lamang ang naaabot ng aking isip sa tulong ng analisis, kritika at sintesis. Ang perpektong ligaya ay maaaring suriin sa ganitong mga kategorya:

Talahanayan 1:
Dalumat ng Ligaya

<table>
<tr><th>leksikal / simbolikal</th><th>Diskursibo</th><th>Etikal</th><th colspan="2">Eksperensiyal/ danas</th><th>Transendental</th></tr>
<tr><td>Igaya</td><td>Ligaya (danas)</td><td>Mabuti</td><td>Ligaya (maligaya)</td><td rowspan="3">Buhay (mabuhay)</td><td>Bisyon:<br>Pag-asa</td></tr>
<tr><td>Gaya, Aya<br>Liga, Gaya</td><td>utopya (atas)</td><td>Mabait</td><td rowspan="2">Saya (masaya)</td><td rowspan="2">Pangako:<br>Kritika</td></tr>
<tr><td>Iga</td><td>Dystopia (paubaya/pabaya)</td><td>Masama</td></tr>
</table>

Bahagya sa papel na ito, natalakay ko na ang leksikal/simbolikal, diskursibo, etikal at eksperensiyal. Ang transendental na kategorya'y nasa modelong binalangkas ko sa itaas. Dito papasok ang projeksyon bilang abstraksyon. Isipin na lang na ang projeksyon ay pagtanaw sa malayo. Paglalapit din ito ng naririto sa naroroon o sa ating paliwanag sa idealisasyon, paglalapit ito ng realisasyon at idealisasyon. Ang isang kahulugan ng realisasyon ay pagsasakatuparan. Ibig sabihin maitatanong natin sa ating mga sarili: maligaya ba ako? Ang realisasyon ng ligaya ay nasa danas at hindi sa atas o paubaya. At ito'y nasa "igaya" bilang dalumat-salita ng ligaya. Magsasanib ang diskursibo at eksperensiyal upang marating ang transendental na bisyon, pag-asa at pangako. Naisakatuparan mo ba ang bisyon ng ligaya? Kung hindi, ano ang iyong pag-asa? Paano mo tinupad ang pangako ng pagiging maligaya? Hindi lamang sagot na oo o hindi, kailangan itong ikritika. Iyan ang paghahanay ng mga kategorya.

Ang abstraksyon naman ay paglalapit ng konsepto o ideya na magagamay o mauunawaan mula sa komplikado nitong kahulugan tungo sa simple at payak na pakahulugan. Ang pagtatanong ay isang paraan ng paglalapit. Ang pagsagot sa mga tanong ay sariling abstraksyon para maisakatuparan ang bisyon ng ligaya.

Ito'y mga kategorya pa lamang. Mga abstraktong konsepto na kailangang ipaliwanag nang husto. Kung kaya't ang ikalawang pagtuklas ko'y ilapat ito sa sariling danas. Sa buhay na masaya o maligaya, sa ugnayan nito sa masama, mabait at mabuti. Ito ang magiging naratibo ko ng pagtuklas sa sariling ligaya.

Hindi ito perpektong pagkakategorya at maaari ngang tentatibo pa batay sa magiging kritisismo o rekomendasyon ng iba pang iskolar. Subalit hindi nila magagawa ang trabaho nila kung hindi ko sisimulan ang sa akin.

Samakatuwid, ang huling pagtuklas ay tuklasin ang iba pang mga konsepto at ideya kaakibat ng sa muling pagsariwa ng alaala ng sariling danas. Ang naratibo ko ng ligaya at utopya ang susunod na lunduyan ng pag-aaral na ito. Ito ang ikalawang bahagi ng pag-aaral.

**Kongklusyon**



Masalimuot ang paksang ligaya. Kasingsalimuot ito ng ating buhay. Kailangan natin maunawaan ang buhay bago tayo tumalon sa paksa ng saya o ligaya. Maaaring sa mahabang panahon hungkag o salat ang substansiya ng ating pag-iral. Hindi solusyon ang ligaya. Hindi ito gamot o therapy. Hindi ito kursong mapag-aaralan sa klase. Ang paghahanap sa ligaya ay isang taimtim na pakikibaka. Hindi ito misteryo o hiwaga na lalantad sa atin. Kaingang tuklasin. Ang bawat isa sa atin ay may iba't ibang paglalakbay, may iba't ibang masusumpungan, may iba't ibang kasawian, may iba't ibang pagsuko. Bakit kailangang hanapin? Dahil sa simula't simula, hindi natin kasamang ipinanganak ang ligaya. At sa maikli o mahabang panahon ng buhay natin, hindi natin ito maaangkin. Iyon ay kung hindi natin tatangkain.

Hindi ako maligaya sa ngayon. Hindi ko alam kung liligaya ako sa pagdating ng panahon.

Subalit sa papel na ito inilatag ko ang panimulang pagtatangka upang dalumatin ang ligaya natin bilang utopya.

Maligaya ba kayo? Maligaya ba ako?

Pagnilayan natin ang buhay.

**Sanggunian**

"Utopia." Merriam-Webster.com Dictionary, Merriam-Webster, https://www.merriam-webster.com/dictionary/utopia. Accessed 20 Jun. 2023.

Confucius. *The Analects of Confucius*. S.l: The Floating Press, 2010.

Covar, Prospero Reyes. *Larangan: Seminal Essays on Philippine Culture.* Maynila: National Commission for Culture and the Arts, 1998.

De Mesa, Jose M. *Jose M. de Mesa: a Theological Reader.* De La Salle University Publishing House, 2021.

De Saussure, Ferdinand et al. *Course in General Linguistics*. LaSalle, Ill: Open Court, 1986.

Enriquez, Virgilio. *Pagkataong Pilipino. Lunsod Quezon*: Departmento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1975.

Erasga, Dennis S. "Usbong Na Pagtataya : Tangka Sa Pagpapalawig Sa Katuturan Ng Sosyolohiya Sa Pilipinas = Usbong Na Pagtataya : Assessing the Affordance of Sociology in the Philippines."

Hernandez, Jose Rhommel B. "Mula Anito Hanggang Kasysayan Ng Langit: Panimulang Pagbabalangkas Tungo Sa Bagong Kasaysayan Ng Pananampalatayang Katoliko Sa Pilipinas (3000 B. K.-1950) =From Anito to Kasaysayan Ng Langit: a Preliminary Framework for a New History of the Catholic Faith in the Philippines."

Hobbes, Thomas. *Leviathan The Matter, Forme, & Power of a Common-Wealth Ecclesiastical and Civil*. S.l: The Floating Press, 2009.

Javier, Roberto Estrada. *Pakikipagkapwa: Pilipinong Lapit Sa Pananaliksik : Pamumuno, Pagsasakapangyarihan, Pagkamamamayan, Pananagutang Panlipunan at Pakikipamayapa*. Quezon City: Central Book Supply, 2012.

*Ligaya Ang Itawag Mo Sa Akin*. Directed by Carlos S. Reyna, Reyna Films, 1997.

Lars Raymund Ubaldo. *Shuntug: Mga Kabundukan Sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino*. Manila: ADHIKA ng Pilipinas & NCCA, 2021.

Locke, John. *Works of John Locke: Including Two Treatises of Government, an Essay Concerning Human Understanding and More.* Place of publication not identified: MobileReference, 2009.

Mabaquiao, Napoleon, Jr. *Ang Mabuting Kita: Mga Isyu ng Etika sa Negosyo.* De La Salle University Publishing, Inc., 2022

Maslow, Abraham. *Motivation and Personality.* Second edition. Harper & Row, 1970.

Mill, John Stuart. *Considerations on Representative Government*. S.l: The Floating Press, 2009

More, Thomas. *Utopia.* New York, Appleton-Century-Crofts, 1949.

Panganiban, Jose. *Diksyunaryo Tesauro Pilipino-Ingles*. Manlapaz Publishing Co., 1973.

Pe-pua, Rogelia. *Hanbuk ng Sikolohiyang Pilipino.* University of the Philippines Press, 2019.

Plato. *Plato's The Republic*. Books, Inc., 1943.

Quito, Emerita. *Ensayklopidya ng Pilosopiya.* De La Salle University Press, 1993.

Rawls, John. *A Theory of Justice.* Rev. ed. Belknap Press of Harvard University Press, 1999.

Roque, Ferriols. *Pambungad sa Metapisika.* Office of Research & Publications, Ateneo De Manila University, 1991.

Salazar, Zeus A. *Ang Pilipinong "Banua"/"Banwa" Sa Mundong Melano-Polynesiano*. Bakas Bagong Kasaysayan, 2006.

Smith, Adam. *Supermoney.* Random House, 1972.

Timbreza, Florentino. *Sariling Wika at Pamimilosopiya*. C&E Publishing Inc., 2008.

Tullao, Tereso S. *Ekonomiya, Tao, Mundo, at Ang Ekonomistang Guro*. De La Salle University Press, 2002.